

"Cruelty as Policy": The Anti-Infiltration Campaign of the Communist Party of the Philippines

A Translation of "Mga Aral Mula sa Naganap na Impiltrasyon sa Hangganang Quezon-Bicol" (Lessons from the Infiltration Incident in the Quezon-Bicol Border), by the Melito Glor Command, New People's Army, Communist Party of the Philippines (February 1983)

Translated by Veronica Alporha and Patricio N. Abinales



Center for Southeast
Asian Studies
**University of Wisconsin-
Madison**

Justice in Translation 1/2023 | March 2023

This translation is published under a Creative Commons BY-NC-ND license, which means users may copy and distribute the material in any medium or format in unadapted form only, for noncommercial purposes only, and only so long as attribution is given to the creator.



Justice in Translation is an open-access web publication series that publishes translations from Southeast Asian languages to English that is a project of the Justice in Southeast Asia Lab (JSEALab). The JSEALab is part of a five-year initiative on Social Justice in Southeast Asia at the University of Wisconsin-Madison generously funded by the Henry Luce Foundation and located in the Center for Southeast Asian Studies and the Human Rights Program. A combination of intensive exchange between faculty and graduate students and public-facing events aim to foster significant collaboration between academics and practitioners, reflecting both the recognition that a growing number of MAs and PhDs in Southeast Asian Studies are choosing to pursue professional careers outside the university and that there is a need for academic work to be directly responsive to ongoing social justice crises in the region.

For more information:

<https://seasia.wisc.edu/sjsea-project/jsealab/>

 [@jsealab](#)

 [@jsealab](#)

“Cruelty as Policy”: The Anti-Infiltration Campaign of the Communist Party of the Philippines

Veronica Alporha and Patricio N. Abinales¹

Introduction


When the Communist Party of the Philippines' (CPP) issued a decree ordering its legal organizations to boycott the February 1986 “snap elections” because it believed that the election was a fight between two reactionary forces, it showed everyone how formidable the revolutionary movement had become. The memorandum exuded confidence over the CPP’s progress. It was now a nationwide force, something its older rival, the *Partido Komunista ng Pilipinas*, had never achieved. With this unprecedented political influence, it felt it had reached a point where it believed that within a few years it could seize power. The “boycott policy” turned out to be costly. Marcos’ manipulation of the election results led to an attempted coup by a “reformist” group inside the Armed Forces of the Philippines (AFP). The coup failed, and the plotters were saved by a million people who surrounded the camps where they retreated. That human shield would turn into the “people power, ” forcing Marcos to abandon the palace and flee to Hawaii. The Party watched history unfold on the sidelines.

¹ We thank Robert Francis Garcia for the phrase “Cruelty as policy.”



Philippines communist insurgency 50 years on

The New People's Army launched its rebellion to create a Maoist state on March 29, 1969



*Scores of troops died during the 5 month siege of Marawi, triggered by an Islamic militant take over

According to official figures, the Maoist insurgency has killed up to 40,000 people

At its peak in the 1980s the NPA had some 26,000 fighters in its ranks, but the number is now around 4,000, the military says

Source: Armed Forces of the Philippines © AFP

February 1986 was that moment when the revolution began to unravel. First came the internal debate over the “boycott policy,” which was followed by more intense exchanges over the utility of the Maoist strategy of a protracted struggle where communist forces gradually “encircle the cities from the countryside” (Mao 1965: 317). Then amidst these debates, the Party leadership received reports of military infiltrations nationwide and began to launch a series of investigations that brought about what Dominique Caouette called the Party’s “darkest moments.” The Party launched a nationwide investigation (codename *Olympia*), but the most brutal were those conducted by its regional organizations. The first was in the provinces south of Manila (also called Southern Tagalog region), where the Party’s Operation Missing Link in 1985 which led to the arrest of 112 suspected spies and the execution of sixty. The second was in July 1985, on the southern island of Mindanao, where the CPP’s Mindanao Regional Committee’s (Mindacom) island-wide *Operasyong Kampanyag Ahos* (Operation

Campaign Garlic, *Kahos*) to purge the organization of suspected spies.²

There were numerous indications that the investigations involved torture, and those “judged” guilty were not given any chance to appeal and summarily executed. A major reason for this was the considerable latitude given by Party leaders to those leading the investigations. Alex De Jong pointed out the Party’s

“Political Officers” in charge of the collectives members were organized in, received permission to use ‘hard tactics’ (a euphemism for torture) to obtain information. The PO’s were given the role of judge, jury and executioner. Accused had no right of appeal. It was easy to come under suspicion: being named once in a ‘confession’ meant being placed under surveillance, being mentioned twice was ground for arrest (De Jong, 2016).

As the investigations spread, so did the paranoia, and the more investigators became paranoid, the more prone they were to employ torture and executions. The leadership finally stopped all these bloody inquiries by the end of 1988, but the damage had been done. Over 1,500 cadres and activists were arrested and 800 of them executed. Much worse was what these investigations had done to organizational unity and cadre morale. According to Caouette:

Internal purges profoundly “damaged” the moral and social norms and trust within the revolutionary movement. The various “anti-DPA campaigns” left profound wounds within the movement, undermining the precious and essential social network that had previously existed, and that had provided much safety and cohesion (Caouette, 2004, p. 533).

For example, before *Kahos*, Mindacom was the most pow-

² Filipino folktales attribute garlic with the power to repel vampires preying on the community. Suspected military spies were likened to these ghoulish figures for their sinister plans and actions.

erful of the Party's regional organizations. It was launching some of the more dramatic "people's strikes" that nearly paralyzed the road systems of the country's second largest islands. The NPA was staging one spectacular ambush after another against government forces, all in part of a plan to transform the guerilla army into a conventional force. In the three months, it was implemented, the Mindacom's membership declined from 9,000 to 3,000 as cadres, guerrillas and mass activists abandoned the movement. NPA squadrons were reduced from sixteen companies to two (Abinales, 1996, pp. 156-157).³ Only the guerilla bases in northeastern Mindanao survived; the rest were abandoned especially after the military and anti-communist vigilante groups (this time with the blessings of a popular President Corazon Aquino) counter-attacked (DelaCruz et al., 1987).

There was hardly anything coming out of the Party save for general statements that condemned the purges and pointed the accusing finger at cadres who lost the factional battles of the late 1980s. This was the case until a former cadre gave us a copy of "*Mga Aral Mula sa Naganap na Impiltrasyon sa Hangganang Quezon-Bikol*," henceforth "Mga Aral" the memorandum prepared by the leadership of the NPA's Melito Glor Command on how its members should deal with military spies. We have reprinted and translated it here as this is the only internal document from the Party that addresses the issue of infiltration control, including the question of torture and of the executions of those judged guilty.

Oplan Takipsilim (Operation Twilight) killed around 30 suspected spies in the towns of Lopez, General Luna, and Calauag in Quezon Province (249 miles southeast of Manila). Based on the table prepared by De Jong (Table 1), *Mga Aral* became the guide for the anti-infiltration campaign in the area a year later. However, *Mga Aral* appeared ineffective

³ Readers can find a summary of these "dark moments" in a compilation of news accounts by journalist Juan V. Sarmiento, in the online encyclopedia www.marxist.org (Sarmiento, 2003).

when the anti-infiltration campaign turned nationwide. Why it failed as a guidepost remains unexplained to this very day. We hope that by reprinting and translating the document, our readers can infer some possible answers.

Table 1. "Anti-Infiltration" Campaigns (De Jong, 2016)

Campaign/ Operation	Year(s)	Areas	CPP Organiza- tions involved	Number of Victims
<i>Kadena de Amor</i>	1981-82	Quezon- Bicol Area	CPP-NPA-NDF	Around 30 dead
<i>Oplan Takipsilim</i>	1984	Calauag, Lopez, General Luna towns, Quezon Province	CPP-NPA-NDF	Around 30 dead
<i>Kampa- nyang Ahos (Kahos)</i>	July 1985-86	Mindanao (Misamis Oriental, Davao del Norte, Davao del Sur, Cotabato provinces; Cagayan de Oro and Davao City)	Mindanao Re- gional Command and Central Visayas Regional Party Committee	Over 1,500 arrested and tortured; over 800 killed
<i>Oplan Missing Link (OPML)</i>	1988	Quezon, Laguna, Cavite and Batangas provinces	Southern Tagalog Regional Par- ty Committee; Southern Tagalog Commission; NPA Melito Glor Command; Maria Lorena Barros Brigade.	112 arrested and tortured; 66 killed

<i>Olympia</i>	1988-89	Metro-politan Manila but involved national organizations	Regional Party Committees	No data
----------------	---------	--	---------------------------	---------

The original memorandum and an English translation follow this extended introduction. We were working on a document that appeared to have been photocopied several times. Therefore there are certain words that we found hard to decipher and we have inserted a question mark alongside these words. We close this essay with an interview that Vec Alporha did with a survivor of the anti-spy campaigns in the Quezon-Bicol area. Robert Francis Garcia joined the NPA in the late 1980s, was accused of being a military infiltrator, interrogated, tortured, and threatened with execution, before he was suddenly freed. He left the guerrilla zone, resigned from the Party and as part of his effort to recover from his trauma, wrote the extremely popular book *To Suffer thy Comrades: How the Revolution Decimated its Own*.

VA
PNA

Acronyms

16 th IB	16 th Infantry Batallion
45 th IB	45 th Infantry Batallion
232 PC Coy	232 Philippine Constabulary Company
242 PC Coy	242 Philippine Constabulary Company
AFP-IB	Armed Forces of the Philippines-Infantry Brigade
BHB	Bagong Hukbong Bayan (New People's Army)
BI	Background Investigation
BP	Bicol Province
CN	Camarines Norte (Province)
COY	Company
CPP	Communist Party of the Philippines
CS	Camarines Sur (Province)
GI	Grupong Interogador (Investigators' Group)
GYG	Ganap Yunit Gerilya (Full-time Guerilla Unit)
ICHDF	Integrated Civilian Home Defense Force
IK	Istap ng Komunikasyon (Communication Staff)
IS	Istap sa Seguridad (Security Staff)
ISAFP	Intelligence Services of the Armed Forces of the Philippines
IT	Investigation Team(s)
KD	Komiteng Distrito (District Committee)
*KIA	
KLA	Komiteng Larangan (Front Committee)
NDF	National Democratic Front
NISA	National Intelligence Service Agency
NPA	New People's Army
NT	Nasyonal na Tagapagtanggap (National Committee)
OP-CD	Operasyon Pinta-Operasyon Dikit (Operation Revolutionary Graffiti-Operation Stickers)
PAKUM	Pangkalahatang Kursong Mass (Comprehensive Mass Course)
PC	Philippine Constabulary
PK	Pangkat ng Kadre (Cadre Corps)
PC-INP	Philippine Constabulary-Integrated National

	Police
PK	Pangkat ng Kadre (Cadre Corps)
QBZ	Quezon-Bicol Zone
R-2	Region-2
RKT	Rehiyonal Komiteng Tagapagtanggap (Regional Executive Committee)
SC	Security Check
SYP	Sandatahang Yunit Propaganda (Armed Propaganda Unit, smallest unit of the New People's Army)
US-Marcos	United States-Marcos

–

*Meaning of acronym undetermined. We will add this once we get information from resource persons.

Part 2. The Memorandum

The Original

Ang hangganang Quezon-Bikol ay naging tudlaan ng isang malawakan at maramihang impiltrasyon mula noong huling kwarto ng 1979 hanggang unang kwarto ng 1982. Sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon, ito ang pinakamalawak, pinakamalalim at pinakasistematikong pakana ng kaaway na pasukin at wasakin ang Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong organisasyong masa.

Hindi ito mapapantayan nang nangyari noong 1976 ng nakapuslit ang isang action agent sa isang SYP at sa naganap na sunog noong 1977.

Naganap ang malawakang impiltrasyong ito sa panahon na bumubungad ang ating digmang bayan sa abanteng sub-yugto ng estratehikong depensiba. Nais ng kaaway na pigilin ang mabilis na pagsulong ng armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa sa rehiyon. Sa kasaysayan, hindi nasagkaan ng estado ang ating pagsulong sa pamamagitan ng mga matitinding operasyon at kampanyang militar. Gumagamit sila ng iba't ibang paraan upang makamit ang buktot nilang layunin. Hibang ang ambisyon ng diktadurang US-Marcos na tapusin ang Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusang masa sa hangganan sa pamamagitan ng magkasabay na matinding pag-atakeng militar at buktot na pananabotahe sa loob ng rebolusyonaryong kilusan.

Hindi maihihiwalay na may malaking kaugnayan ang impiltrasyon sa malawakan at intensibong kampanyang anti-insurgency na kasalukuyang inilulunsad ng kaaway sa hangganang Quezon-Bikol. Ibinunyag mismo ng mga nasukol na pusakal na impiltrador na magdadagsaan sa rehiyon ang mga panlabang yunit ng AFP tulad ng 16th IB at 45th IB. Sa kasalukuyan, aktibong inibwelto ang mga ito sa matinding kampanyang militar sa rehiyon bilang bahagi ng kampanyang anti-insurgency.

Nailatag ng kaaway ang lambat ng mga bayarang impiltrador mula sa batayang antas ng organisasyon ng Partido sa baryo, sa dalawang komite sa seksyon at isang komite sa distrito. Naikalat din nila ang mga bayarang ahente sa mga yunit ng hukbong bayan mula sa ilang SYP at mga ganap na yunit gerilya sa larangan at distrito. Naabot din nila ang teknikal istap ng namumunong komite sa larangan at naipasa ang isa pang ahente sa teknikal istap ng komite ng Partido sa karatig na rehiyon.

Bukod sa madugong misyon nilang banatan ang mga namumunong kadre ng Partido at kumander ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon at gumawa ng pananabotahe sa ating gawaing pampolitika; layon din nilang magpuslit ng mahahalagang impormasyon hinggil sa galaw ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong masa upang pagbayan ng kanilang planong militar.

Huling dako ng 1981, nang matuklasan ng Partido sa rehiyon ang pakanang ito ng kaaway. Kagyat na inilunsad ang kampanya ng paglilinis sa organisasyon ng Partido at hukbong bayan, at pagpapagpag ng alikabok ng impiltrasyon. Bago pa man makapinsala ang mga bayarang ahente ng kaaway sa Partido at hukbong bayan, maagap na naparusahan ang mga pusakal at kumpirmadong impiltrador.

Bagama't nawasak natin ang lambat ng impiltrasyon sa rehiyon di maikaila na nakapasok ng maramihan ang kaaway sa ating hanay. Ang isang dekadang pagsisikap natin na ipundar at isulong ang armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa sa hangganang Quezon-Bikol ay nalagay sa panganib. Kung naging matagumpay ang kaaway, tiyak na bibilang tayo ng taon sa ating pagpupunyagi na muling ibangon ang ating nasimulan.

Kailangang paghanguan natin ng mahalagang aral ang pangyayaring ito. Sisikapin ng dokumentong ito na mailarawan ang buong pangyayari mula sa pagpapalano ng kaaway at sa ganap na pagkawasak ng kanilang pakana. Ipapakita ang mga kahinaan, limitasyon at kamalian ng Partido na nasasamantala ng kaaway. Ilalahad din ang mga

matitingkad na aral sa pag-aaresto, pagbinbin, interogasyon at pagpaparusa ng mga napatunayang ringleader o utak ng naganap na impiltrasyon.


Dapat at kailangang pag-aralan ng buong organisasyon ng Partido at hukbong bayan sa rehiyon ang documenting ito. Ayaw na nating maulit ang pangyayaring, dahil sa kawalan ng sistematikong kaalaman kung paano ginagamit ng kaaway ang impiltrasyon para wasakin tayo ay nakapamayagpag sa mahahahaba ring panahon ang mga impiltrador. Samantalang sa maraming pagkakataon ay krudo at lantana ang ginagawa nilang pananabotahe.

Proseso ng Pagbubuo ng Network ng Impiltrador sa Organisasyon

Ilalahad natin ang kasaysayan ng paglalatang ng impiltrasyon ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari. Ito ay sang-ayon sa resulta ng interogasyon sa mga pinarusahang ahente ng kaaway.

Taong 1978, kinalkula na ang kaaway na maka-kaabot ang pagpapalawak ng Bagong Hukbong Bayan sa ibabang bahagi ng Ragay, Camarines Sur. Kagyat nila itong pinaghandaan. Binuo noong Hunyo 1979 ang kampanya sa paniniktuk (ISAFP Team Campaign) para sa buong Quezon-Bikol. Tinagurian nila itong Lipulin ang Rebolusyonaryong Pilipino (LRP). Pinamumunuan ang kampanyang ito ni Col. Nicasio Cordova. Nahahati ito sa ISAFP Team Campaign sa Camarines Sur Code Name: Operasyong Libogs, at ISAFP Team Campaign ng Quezon-Del Gallego.

Narito ang kanilang balangkas pang-organisasyon:



Noong panahong ito, abala ang Partido sa pagsasaayos ng organisasyon dulot sa kaguluhang nilikha ni Apolinario at sa sunog na naganap sa panrehiyong sentro noon 1977. Naglulunsad noon ng Kilusang Pagwawasto laban sa maling kaisipang naipalaganap ni Apolinario. Dahil sa kakitiran ng teritoryo, nanawagan ang Partido ng mabilis na pagpapalawak. Maging ang mga aktibistang masa mula sa baryo ay tumugon sa panawagang ito ng Partido. Nasamantala ng kaaway ang suhetibong pagnanais ng Partido na mabilis na pagpapalawak at mga limitasyon ng mga aktibistang masa upang maipaslit nila ang mga bayarang ahente ng kaaway sa loob ng rebolusyonaryong kilusan.

Mula 1977-1980, nagrekluta na ang kaaway ng mga taga-baryo ng magtetreyning sa Army. Matapos ang kanilang treyning, binigyan ng oryentasyon at muling itinanim sa baryo upang paghandaan ang pagpapalawak ng BHB. Sila'y sinwelduhan ng kaaway at pinangakuan na magiging regular at/o bibigyan ng ranggo kung tutupad sa kani-kanilang misyon.

Karaniwan, ang mga nireklutang impiltrado ay yaong may masasamang rekord, iresponsable sa baryo, dating treyni sa army at yaong may malapit na kamag-anak o kaibigan sa reaksyonaryong militar.

Nang maabot ng rebolusyonaryong kilusan ang mga baryo sa kinatatalagahan ng mga impiltrador ay ganoon na

lang ang kanilang pagpapanggap na masigasig. Nasaman-tala ng kaaway ang mabilis na pagpapalawak na ginawa ng mga aktibistang masa mula sa karatig na baryo. Matapos ang 1981, mayroon ng sampung impiltrador na nakaabot at nakapamuno sa mga sangay ng Partido sa kani-kanilang baryo, at anim naman ang nakaabot sa komiteng pang-organisa sa baryo bago sila nagpultaym. Samantala, 3 impiltrador ang nakapuslit nang hindi dumaan sa anumang organisasyong masa. Kalagitnaan ng 1980 ay may tatlong impiltrador na kumikilos na ng pultaym sa isang Pangkat ng Kadre (PK). Mula noon nakabwelo ang mga ito sa paglalata ng kanilang network sa mga baryo sa nasasabing erya. Huling bahagi ng 1981 ay nakapasok na ang 26 na impiltrador sa sangay ng Partido sa lokalidad at sa PK.

Upang makakakilos ng pultaym sa mga yunit ng hukbo at mga PK, ginamit nila ang rekomendasyon ng sangay ng Partido sa baryong pinanggalingan nila. Binigyan din ng rekomendasyon ang mga impiltrador na nauna nang magpultaym.

Para kagyat na makasampa, idinadahilan ng karamihan sa kanila laluna yaong wala sa paman-tayan ang pagiging mainit sa kaaway. Mangyari pa, taktika nila ang kunwaring pagkubkob sa kanilang bahay; pagpapatampok ng kanilang pangalan bilang kumander ng NPA; at masyadong malapit at mapag-asikaso sa mga namumunong kadre upang lalong higit na tumatag ang katayuan nila sa rebolusyonaryong kilusan bilang mga tunay na rebolusyonaryo.

Unang kwarto ng 1982, nakapuslit na ang mga impiltrador sa dalawang komite ng seksyon at isang komite sa distrito. Nakapaglatag din sila na ilang SYP at sa dalawang ganap na yunit gerilya. Ilang mga impiltrador ay naitalaga sa tatlo pang distrito. Nagsisimula na rin silang maglatag ng network ng sila'y ating matuklasan.

Bukod sa nangyari sa Hilagang CS, nagpursigi din ang ibang intelligence community tulad ng NISA, R-2, at mga local na pwersa ng PC-INP na mag-impiltra sa ating

hanay. Bago mahati ang 1982, natuklasan ng komite ng Partido sa distrito ng BP ang dalawang mandirigma na, mga impiltrador na noon pang sila'y "makatakas" mula sa kamay ng kaaway. May malalim silang oryentasyon mula kat Capt. Rudy Rudolfo ng 232 PC Coy. Isang ahente naman ng NISA na galing sa isang mainit na baryo sa Ragay ang lumipat at nasalo at pinakilos ng mga kasama sa CN. "Pinatakas" naman ng 242 PC Coy na may dalang ripleng M-16 ang isang dating organisadong kabataan upang makasampa lang sa hukbong bayan. Nagtanim din ang kaaway ng mga ahente sa hanay ng mga manggagawa sa trosohan upan manmanan ang kilos ng mga kasama sa lugar. Maging ang peti-burges sa mga sentrong bayan ay hindi nakaligtas sa pakana ng kaaway. Si Col. Jose Reyes Dasal ng NISA at si Tenyente Eduardo Claro ng ISAFP ay mga matataas na opisyal ng intelligence na nakisalamuha sa ating mga alyado. Tiniktikan nila ang paglawak ng rebolusyonaryong kilusan sa hanay ng petiburgesya habang minomonitor nila ang nangyayaring impiltrasyon sa loob.

Oryentasyon ng Impiltrador

Ang impiltrasyon ay nagsisilbing paghahanda para sa isang malakihang kampanyang militar. Lubhang napakagastos para sa reaksyonaryong sandatahang lakas ang malalaking operasyong militar kaya't inilatag muna ng mga impiltrador ang mga impormasyon bago nila simulan ang kampanyang militar.

Lahat nga mga impiltrador ay binigyan ng pangkalahatang oryentasyon sa kanilang tungkulin at paraan ng pagkilos. Ang mga indibidwal na misyon ay isinapartikular na lamang batay sa naging disposisyon ng mga impiltrador.

Ang pangkalahatang oryentasyon ay ang sumusunod:

1. Alamin ang mga namumunong kadre ng Partido sa rehiyon, larangan, distrito at seksyon. Kunin ang tunay na pangalan kasaysayan at lugar na pinanggalingan.

2. Alamin ang mga kasapi ng Partido sa baryo, mga saligang organisasyong masa, poste at kuryer sa bawat baryong kinikilusan at saan-saang punto sumi-simpatiya sila sa rebolusyonaryong kilusan.
3. Alamin ang lakas tauhan, lakas pamutok, komand, mga teknika at taktikang militar na ginagamit at mga plano sa operasyon ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan.
4. Alamin ang mga dinadaanang ruta at linya ng transportasyon sa dagat.
5. Alamin ang pagkilos sa hanay ng estudyante, guro at iba pang panggitnang pwersa sa kanayunan at mga sentrong bayan. Alamin ang mga nagbibigay sa kilusan at anu-anong suporta ito.
6. Sikapin na makapagnakaw ng mga mahahalagang dokumento para maibigay sa militar.
7. Magrekluta ng mga maniniktik sa hanay ng mga pultaym at mga taga-baryo.
8. Mag-ulat ng mga pulong/konsentrasyon laluna ng mga namumunong organo at mga planong militar upang mabanatan ito.
9. Manabotahe sa mga programa ng pagkilos ng Partido at hukbong bayan.
10. Magmungkahing madisposisyon sa mga ganap na yunit gerilya at iba pang estratehikong yunit/organo.

Angkaramihan sa mga impiltradorna nakapasok ay mga "deep penetration agent." May oryentasyon sila na huwag tuwirang babanat sa mga kasama at sa halip ay kagyat na iulat ito para ang mga tropa ng kaaway ang bumira. Mahalaga ito sa pagpapanatili nila ng mga matagal sa loob ng rebolusyonaryong kilusan, maliban lamang sa mga kasong may pagkakataon silang makabanat ng mga namumunong kadre nang hindi nabibisto. Samantala, may mga "action agent" din na may partikular na misyon at target sa namumunong kadre. Kapag nakita niya at nagkaroon ng pagkakataon ay babanatan niya at kagyat na tatakas.

Kakaiba naman ito sa misyon ng isang impiltrador ng NISA. Ang oryentasyon sa kanya ay magbuo ng kahiwalay na hukbo mula sa kanyang marereklutang pultaym na kadre at mandirigma na magsasagawa ng krimen at pananabotahe sa hukbong bayan at masa.

Batay sa planong kaaway, darating ang mga panlabang yunit ng AFP sa hangganang Quezon-Bikol sa buwan ng Enero-Abril 1982. Ito ang magiging hudyat ng pagtakas ng mga impiltrador para epektibong magamit ng militar sa kanilang pagdurog sa rebolusyonaryong pwersa. Ang iba sa kanila ay babanat muna ng mga responsableng kadre bago bumaba. Ipopropaganda ang kanilang pagtakas bilang mga sumukong NPA at ang iba muling magsasanay bago sumanib sa pwersa ng kaaway. Ititip ang mga konsenstrasyon ng mga ganap na yunit gerilya at mga pulong ng mga namumunong kadre para makubkob ng kaaway. Pipilitin lang mga tukoy na kasap ng Partido at mga organisasyong masa na sumukop para sa kanilang kilusang balik loob. Ang mga ito ay epektibong gagamitin sa kanilang psychological operations (psy-ops). Malawakan ding magbubuo ng mga yunit ng ICHDF sa mga poblasyon at mga baryo.

Grandyoso ang plano ng kaaway sa QBZ. Hibang na ambisyon nila ang padapain ang Partido at Hukbong Bayan sa rehiyon.

Paglalatag ng Network ng Impiltrasyon Mula sa Hanay ng mga Kadreng Pultaym at mga Tagabaryo

Nang makapuslit ang mga impiltrador, sinikap nilang magrekluta mula sa hanay ng mga kadre at mandirigmang pultaym. Inilatag din ang kanilang network sa mga baryong kanilang kinikilusan. Mahalaga ito upang maging malawak at mabisa ang kanilang paniniktik at mapabilis ang pasahan ng impormasyon na nagmomonitor na kaaway.

Karaniwan sa kanilang nirekluta ay yaong mga kasamang bagong sampa; may hinanakit sa pamunuan; may

problema sa pamilya, kasintahan at kalusugan; at may mga kamag-anak sa militar. Dinidikitan sila nang husto at intensibong pinopropagandahan upang higit na bumagsak ang moral. Idinidiin nila ang mga kahirapang dinadanas sa rebolusyonaryong kilusan samantalang napapabayaan naman ang kani-kanilang mga pamilya sa kanilang propaganda, ipinamamarali na maliit ang posibilidad na magtatagumpay ang demokratikong rebolusyon ng bayan. Sinusuhulan nila ng pera, damit, pantalon at relo. Sa mga tiyak nilang nakuha, hihikayatin nilang huwag nang umalis sa rebolusyonaryong kilusan, manapa'y bibigyan nila ng trabaho at sweldo bilang mga ahente ng gobyerno na maniniktik sa loob ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa kanilang mga nalinlang, tiniyak nilang makasama-sama parati upang maalalayan at mahigpit na binabalaan na hindi magpapaabot sa mga kasama sukdulang patayin kapag nalagay sila sa panganib.

Ang kanilang nireklutang impormer sa mga baryo ay yaong mga kumontra sa rebolusyon; mga problemado sa baryo at matamlay makipagtalakayan sa mga kasama. Kapag may tumanggi sa kanilang makipagsabwatan ay nagiging panganib sa kanilang seguridad, kanilang pinapatay at pina-paratangang masamang elemento o impormer sa baryo.

Sa bawat impiltrador ay may kani-kanilang linya kung saan ipapasa ang mga ulat. Sa umpisa, karaniwang ipinapasa nila sa pangunahing nagrekluta sa kanila sa pamamagitan ng "rebolusyonaryong sulatan." Malimit kumustahin ang kanilang mga "espesyal na kadre" at idinadaan pa sa poste ng rebolusyonaryong kilusan. Kung minsan ay nilalakipan nila ng isa pang sulat para sa militar. Ang mga pangunahing impiltrador naman ay may tiyak na poste at kuryer patungo sa kampo ng kaaway.

Habang nagtatagal ay nailatag nila ang "relay" ng mga ulat sa lahat ng baryong kanilang nararating. Nitong huli, sinikap nilang mahimok ang mga kapitan at mga guro sa baryo na maging poste at kuryer.

May mga pagkakataon na tuwiran silang nakapag-ulat

sa mga kampo ng militar sa pamamagitan ng nag-iisang “pagdalaw” sa kanilang pamilya at “pagpapagamot.”

Upang madali silang makilala ng mga tropa ng kaaway, gumagamit sila ng mga “password” at senyas. Nang mapalaban ang yunit ni Mark, nagsisigaw siya ng “M-14, M-14!” Kapansin-pansin din ang pagusuot ng unipormeng patig ng isang impitrador gayong matagal na ipinagbabawal ito sa mga pulang mandirigma.

Pagkilos at Pananabotahe ng mga Impitrador

Nabisto ng Partido ang mga impitrador sa pagpanggap nilang mga rebolusyonaryo. Pag-aralan natin ang mga kahina-hinalang kilos at ang karaniwang paraan ng pananabotahe nila sa ating rebolusyonaryong gawain.

1. Lantarang nilabag ng mga impitrador ang ating maka-uring linya sa kanayunan. Ang karaniwang inugnayan, dinidikitan at inorganisa ay matataas na saray, lumpen sa baryo at mga may kamag-anak sa militar. Ang masasamang impluwensiya ng mga elementong ito ay nagdulot ng kaguluhan at karaniwang humantong sa pagkabuwag ng mga saligang organisasyong masa.

2. Sa mga pangkat ng kanilang pinamumunuan, pinigil nila ang atas ng namumunong organo na maglunsad ng malawakang propaganda tulad ng OP-CD. Maging ang mga rebolusyonaryong pahayagan at babasahin ay hindi ipinamahagi sa masa. Nitong kamakailan lang, natuklasan ng mga kasama ang mga sakong babasahin na nakatago sa lalao.

3. Matingkad ang hindi pag-unlad ng mga gawain. Karaniwang nakikita ang mga pangkat na impluwensyado ng impitrador na nakabase sa iilang bahay ay walang ginagawa. Ang pag-aaral ng PAKUM ay kahit papaano na lamang ibinibigay. Matingkad din ang hindi pag-lutas sa mga suliranin ng masa at mga saligang organisasyong masa hanggang sa paglala ng suliranin.

4. Sa mga lugar na kanilang kinikilusan, pinipigil ang paglulunsad ng rebolusyonaryong agraryo laluna doon sa mga malalaking panginoong maylupa. Ipinatigil ang pagpapalusot at ang pagkuha ng porsyento para sa hukbo mula sa pakinabang ng masa. Gayunman, sa mga lupa ng maliliit na panginoong maylupa at ilang popesyonal, pinursigi naman nila ang pagpapalusot kahit hindi gasinong organisado ang masa.

Naglatag ng ganitong kondisyon upang maantagonisa at mapahiwalay ang kilusan sa panggitnang pwersa; Samantala, inilulong naman ang masa sa ekonomismo. Malaki ang nakuha nilang pera mula sa tinakdang buwis sa panginoong maylupa at negosyante ng hindi naman isinangguni at isinesentralisa sa mga kasama.

5. Sinabotahe ng mga impiltrador ang mga planong militar ng BHB. Ang mga inirekomenda nilang tao para sa paglalatag ng lambat ng paniniktik para sa operasyong militar ng hukbong bayan ay pawang mga impormer at may kaugnayan sa militar. Kaya paltos lahat ng mga plano ng ganap na yunit gerilya na bumanat sa tropa ng kaaway. May pagkakataon pang nalagay sa panganib ang mga pangunahing yunit sa kubkob ng kaawa

6. Madugong krimen nila ang pagpapatip sa ilang yunit partisan na ikinasawi ng isang mandirigma. Pananagutan nila ang mga bulilyasong kubkob ng kaaway sa mga konsentrasyon ng mga yunit gerilya at ilang pag-aral ng mga kasama. Sila rin ang may pakanang maramihang hulihan at pagpaslang ng mga susing masa sa mga baryong kanilang panamugaran.

7. Ninakaw na mga impiltrador ang mga mahahalagang sulat. Kung minsan ay mabasa muna bago ipasa sa kinaukulan.

8. Mahilig sila sa pagkilos ng nag-iisa nang walang kolektibong pagkakaisa. Maluwag sa seguridad at malimit lumabag sa disiplina at alituntunin ng Hukbong Bayan. Mal-

akas ang kanilang liberalism at hindi mahusay ang aktitud sa punahan.

Mga Hakbangin ng Partido sa Pag-aayos ng Problema sa Seguridad

Huling kwarto ng 1981 nang matuklasan ng Partido ang buktot na pakana ng kaaway sa rebolusyonaryong kilusan ng QBZ. Nagsimula ito nang madulas ang isang “aktibista” mula sa panggitnang pwersa na kasama sa itatayong legal na organisasyon sa isang distrito na siya’y ISAFP agent. Nalaman agad ito ng mga gumagabay na kadre subali’t hindi nabigyan ng mahalagang pansin.

Nang malaman ito ng namumunong organo sa larangan, kagyat na pinalalim ang pagsisiyasat at kinuha ang kanyang rekord ng pagkatao at pampulitika. Nakumpirma siyang miyembro ng ISAFP na nais mag-impiltra sa legal na organisasyong ating itinatayo. Gayunman, umabot pa ng ilang buwang pag-aaral bago pinagpasyahan ang pag-aresto at pag-iinteroga sa kanya. Nagbuo ng isang espesyal na grupo na kinabilangan ng mga responsableng kadre ng larangan at distrito para isagawa ito. Walang nakuhang mahalagang impormasyon maliban sa pinagdiinan niya na alam ng kasama ang pagpasok niya sa ISAFP at ang layunin niya ay upang alamin din ang kilos ng kaaway bilang dobol agent.

Ang “hiningian niya ng pahintulot” upang pumasok sa ISAFP at mga pultaym na naging malapit sa kanya ay inilagay sa mahigpit na pagsusuri. Sa mga naihanay, dalawa ang natukoy at pinarusahang impiltrador at dalawa ang tumakas at tuwirang nakipagtulungan sa kaaway.

Inakala ng Partido sa QBZ na nalansag na ang impiltrasyon. Gayunman, ipinagpatuloy pa rin ang maging pagsusuri at pag-aaral sa hanay ng mga pultaym laluna sa mga kadre at mandirigma na nanggaling sa lugar na pinamugaran ng mga pinarusahang impiltrador. Kaalinsabay nito ay nagbuo ng isang “Task Force Ragay

Aid” upang banatan ang mga tropa ng militar at ang isa ng impiltrador na nakatakas at nangunguna sa mga operasyong militar. Namahagi rin ng manipesto sa mga kasamang pultaym at nasa baryo ukol sa ating tagumpay sa muling pagbigong balak ng kaaway na wasakin ang kilusan sa lugar, sa pamamagitan ng impiltrasyon. Nananawagan din tayo na sumuko na sa atin ang iba pang mga kasabwat nila sa kalagayang nabanatan na ang mga utak nila. Sa praktika walang kusang lumpait upang sumuko.

Noong Pebrero 1982 ay nasukol ang isa na namang ahente ng kaaway mula sa istap sa kabataang-estudyante ng isang distrito. Sa pamamagitan ng matiyaga at mahusay na interogasyon at pakikitungo sa kanya, ibinulgar niya ang isang susing impiltrador na nasa panlarangang yunit gerilya. Sasusing impiltradornaito, nakuha ang pinakamalaking bahagi ng operasyon ng impiltrasyon sa rehiyon. Ipinamukha sa ating ng mga pangyayaring ito na suhetibo ang naging pag-aakala na nalansag na ang impiltrasyon. Bagama’t nabanatan ang puno mismo ng Operasyon Libogs na si Lt. Eddie Claro (Marsha) at isang kasabwat niya, marami pa palang ringleaders na nakapasok at napakaraming dapat isagawa para masabing nalansag na natin ang impiltrasyon sa rehiyon. Isang matinkad na aral ang mahahango natin mula dito. Sa bawat kaso ng impiltrasyong madidiskubre dapat maglunsad agad ng Background Investigation (BI) o Security Check (SC) sa lahat ng mga pultaym at mga kasapi sa baryo, lalo na yaong sa iba’t ibang paraan, pagkakataon at kadahilanan ay nagkaroon ng ugnayan sa nadiskubrenang impiltrador. Mahalagang malalim na masuri ang lalim at lawak nang naganap na impiltrasyon. Higit na kapakipakinabang para sa atin ang mga maging ekstrang mapagmatyag, matiyaga at lihim na magsuri habang inaangkuhan ang lahatang panig na rebolusyonaryong kilos kaysa maging kampante at magkasya na lamang sa suhetibong pag-aakala. Sa mga ganitong usapin lagi nating isaisip na ang nakataya dito ay ang seguridad ng Partido, BHB at rebolusyonaryong masa na sinumpaan natng pangalagaan, buhay man nati’y iaalay kung

kinakailangan.

Dahil sa lalim at lawak nang nadiskubrengh impiltrasyon batay sa itinuga ng mga pinarusahang impiltrador, itinakda ng nakakataas na organo ang mga hakbangin sa pagsasaayos ng problema sa seguridad ng rehiyon. Ang mga hakbanging ito ay ang mga sumusunod:

1. Pagbubuo ng mga espesyal na investigation team (IT) sa bawat distrito upang gawing puspusan, malaliman at malawakan ang mga hakbangin sa paglansag ng impiltrasyon, habang patuloy na ginagampanan ang lahatang panig na rebolusyonaryong gawain.

2. Paglilinis sa hanay ng mga pultaym na kasapi ng Partido at BHB.

3. Paglalagom ng resulta sa paglilinis sa hanay ng mga pultaym at pagiisa ng buong kasapian ng Partido at BHB ukol dito.

4. Paglilinis sa hanay ng mga kasama't masa sa baryo.

5. Paglalagom ng pagsasakatuparan ng mga hakbanging itinakda sa paglansag ng impiltrasyon at ang pagsasadokumento't pagpapalaganap nito.

Alinsunod dito, itinayo ang mga IT sa bawat distrito. Pangunahing binigyang diin ang isang distrito na siyang nakakasaklaw sa mga baryo ng naging launching pad o lunsaran ng impiltrasyon. Binuo ang bawat IT ng mga kagawad ng KD, ilang myembro ng KLA at RKT. Ang mga pamantayang itinakda sa pagpili ng mga kagawad ng IT ay ang mga sumusunod:

1. Tiyak na malinis ang rekord o di-kasangkot sa nadiskubrengh impiltrasyon.

2. May kaalaman sa pangkasaysayang pag-unlad ng naging pagkilos sa mga lugar na sinusuri.

Tiniyak ang mahigpit na pagpapatupad ng mga pamantayang ito sa pamamagitan ng malalalimang pagtalakay sa rekord ng pagkatao at pampulitika ng mga napili.

Kaalinsabay ng pagtayo ng mga IT ay binuo rin ang mga taktikal na sentro sa bawat distrito. Sila ang pangsaman-

talang nangasiwa sa pang-araw-araw na gawain sa teritoryo, habang di pa natatapos ang isinasagawang paglilinis sa hanay ng mga pultaym. Binuo ang mga ito ng mga nasuring malinis ang rekord ng mga kagawad at iba pang kadre mula sa kagyat na nakakababang organo na pinamumunuan nito.

Ang tungkulin ng IT ay ang mga sumusunod:

1. Siyasatin ang rekord ng pagkatao at pampulitika ng lahat ng pultaym na kasapi ng Partido, pinuno at mandirigma ng BHB.

2. Tukuyin ang mga impiltradong nalalang na yaong mga nasa baryo, mga pag-aralang kaso at iba pang katulad nito at magrekomenda sa komite sa larangan ng angkop na parusa.

3. Alamin ang aktwal na lawak sa lalim ng impiltrasyon. Laluna ang kalaman ng rebolusyonaryong pwersa ng kaaway at magharap ng mga hakbangin.

4. Buuin ang padron ng impiltrasyon at tukuyin ang mga kamalian at kahinaan ng Partido na nasamantala ng kaaway. Mahalagang matukoy din ang baryo o mga baryong naging launching pad o lunsaran ng impiltrasyon. Ipinakita ng karanasan na ang karamihan sa mga nagpultaym na mula sa mga baryong ito sa saklaw ng panahon ng operasyong ng mga impiltradador ay mga nareklutang ahente ng kaaway.

Ang bawat IT ay nagbuo ng kanya-kanyang istap sa seguridad (IS) at istap ng komunikasyon (IK). Ang mga ipinaloob dito ay yaong mga nasuri na ang rekord at napatunayang walang kinalaman sa nadiskubreng impiltrasyon. Ang IS ay kalimitang binuo ng mga kumander at pulang mandirigma ng mga Ganap na Yunit Gerilya (GYG). Tungkulin nitong pangalagaan ang seguridad ng IT at tumulong sa pag-aresto, pagbimbim, paginteroga at pagpaparusa sa mga impiltradador. Tinutugunan din nila ang pagsasaayos ng mga teknikal sa pangangailangan tulad ng kampo, mga pagkain at iba pa. Ang IK naman ang tumitiyak sa mabilis at ligtas na daloy ng komunikasyon sa pagitan ng RKT at taktikal na sentro ng distrito sa isang dulo at sa IT sa kabila. Dapat

mabigyan ng oryentasyon lang mga istap ukol sa proseso ng gagawing paglilinis at ang partikular na papel na gagampanan nila dito. Ang mahusay na pagkasapol ng mga istap sa batayan at paraan ng isinasagawang paglilinis ay mahusay na kondisyon para mapawi ang pagduduhan at kumilos nang nagkakaisa batay sa kumpas na itinatakda ng IT. May mga karanasang ang kakulangan sa puntong ito ay nagbunga ng pagdududahan at panghihina ng ilan sa paggampan ng gawain.

Ang mga IT ang pangunahing nagsagawa ng pag-aaral, pagtukloy sa mga kompirmadong impiltrador, pag-aaresto, interogasyon at pagpaparusa sa mga ringleader at mga aktibong ahente ng kaaway. Ang KLA at RKT ang nagpapasya kung parurusahan o nyunyutralisahin (bibigyan ng amnesti) ang isang impiltrador batay sa ulat at rekomendasyon ng IT.

Malinaw sa Partido na ang mga napatunayang impiltrador sa kalahatan ay kaaway. Ang kanilang kawalang katapatan, paglilihim ng kanilang pagkatao at pananabotahе sa organisasyon ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong masa ay subersyon sa kasaysayan ng pagsulong ng pakikibaka sa rehiyon.

Gayunman, hinati natin sa dalawa ang pagturing sa mga impiltrador. Inilagay natin sa pangunahing target na gagawaran ng rebolusyonaryong kaparusahan yaong higit na mapanganib tulad ng mga ringleaders at/o myembro ng AFP, aktibong rekruter ng mga ahente sa loob sa labas ng organisasyon o nareklutang aktibo at may nagawang pinsala o nagsikap na maminsala sa ating hanay.

Pumapangalawa ay yaong nasa labas ng unang kategorya tulad ng mga bagong rekluta o di aktibong nagpapagamit sa kaaway. Ang ating naging patakaran sa kanila ay pagnyunyalisa. Matapos komprontahin ukol sa kanyang kinalaman sa impiltrasyon ay itiwalag sila sa Partido at maaring isagawa ang mga sumusunod batay sa kabigatan mng kaso:

1. Panatilihin sa yunit ngunit di bibigyan ng mapag-

pasyang posisyon at sandata, mahigpit na babantayan at ng diin ang kondisyon para makaugnay sa sentro ng kaaway.

2. Ibalik sa baryo at hindi na isasama sa mga saligang organisasyong masa.

3. Palayu in na sa larangang gerilya at di na pabalikin.

Sa mga nyinutralisa o binigyan ng amnesti sinikap natin na magkaroon ng garantiya na di na siya magpapagamit sa kaaway at di gagawa ng pinsala sa Partido, hukbong bayan at masa. Pinakapektibong garantiya ang mismong pag-amin ng kanyang krimeng ginawa bilang impiltrador. Pumapangalawa lamang ang garantiya ng mga kamag-anak na may mabuting katayuan sa kilusan.

Matapos ang unang bugso ng paggagawad ng rebolusyonaryong kaparusahan sa mga impiltrador noong Disyembre 1981, sunod-sunod na nagbabaan ag iba nilang kasamahan. Nauna sa kanila ang mga mahihina ang loob habag ang marami'y naghihintay pa ng tyempo. May ilan rin sa kanila ang naghihinayang dahil di pa sila napasususpetsahan ng Partido. May pinabalik pa ang militar na dalawang impiltrador upang alamin ang nangyari sa kanilang mga nawalang kasamahan. Samantala, dalawa pa ang sumampa upang ipagpatuloy at maglatag ng panibagong network ng kaaway.

Maingat at masinop na natukoy ng IT ang mga pakanang ito at kagyat na inaresto, initeroga at ginawaran ng kaparusahan ang mga pusakal ng impiltrador. Mula Disyembre 1981 hanggang Hulyo 1982, 32 na impiltrador ang pinarusahan, 15 ang nyinutralisa at 9 ang nakatakas. Ang mga pinarusahan ay mga ringleaders na may malalim at masaklaw na oryentasyon sa militar hinggil sa operasyon ng mga impiltrador kasama na yaopng mga rekluta lang nila pero aktibong nanabotahe.

Karamihan sa mga pinarusahan ay mga ahente na bago pa man maugnayan at makapagpultaym sa kilusan. Mayroon na silang masaklaw at malalim na oryentasyon mula sa militar. Marami sa kanila ang nakapagtreyning bilang army at/o ahente. Halos lahat ay mahigpit na dalawang taong

nauugnayan o napapakilos sa baryo hanggang, magpultaym at mabisto.

Mga Matitingkad na Aral sa Pag-Aresto, Pagbimbim, Interogasyon at Pagparusa sa mga Napatunayang Utak ng Impiltrasyon

Unang isinagawa ng mga IT ang pagkuha ng lahat na nakasulat na talambuhay (rekord ng pagkatao at pampulitika) ng lahat ng kasapi ng Partido at BHB na pultaym at yaong mga nasa baryo. Naglabas ng detalyadong gabay para dito. Reorganisasyon ang ginawang dahilan ng pagpapasumite ng talambuhay. Di dapat malantad na ang pagkuha ng talambuhay ay kaugnay ng isinasagawang paglilinis.

Batay sa mga impormasyong itinuga ng mga pinarusahang impiltrador at sa tulong ng mga inipong talambuhay at mga datos mula sa mga responsableng kasama ay inihanay-hanay ang mga sinusuri sa mga sumusunod na klasipikasyon:

1. Pangunahing itinuga ng 2 o higit pang mga impiltrador, tukoy na ringleader o utak, aktibong nanabotahe, rekruter ng mga ahente.
2. Pumapangalawa – itinuga ng isa pa lang na impiltrador, tukoy na kasangkot pero di utak, maraming malalabong datos ukol sa kanyang pagkatao at pagkilos.
3. Pumpapangatlo – di itinuga at di-utak pero nagkaroon ng ugnayan sa iba't ibang kadahilanan at pagkakataon sa mga impiltrador at maraming malalabong datos ukol sa kanyang pagkatao.

Sa pagsusuri ng mga datos, iniliwanag gawing pangunahing batayan ang mga haka-haka at mga datos na sirkumstansyal. Tinitiyak na ang mga datos ay kumpirmado at nakakatindig sa sarili. Isa sa pinagkaisahang maaring pagbatayan ng pagkukumpirma kung impiltrador o hindi ay kung itinuga na siya ng 2 o higit pang impiltrador na nasusuportahan ng mga kumpirmado at nakakatindig na datos.

Sa pagpipinal ng desisyon ng IT kaugnay ng rekomendasyon sa RKT at KLA sa mga parurursahang impiltrador ay lagging sinisikap na maging unanimous o nagkakaisa ang lahatang kagawad.

Kailangan ang ekstrang pagmamatyag, paglilihim at pag-iingat sa isinasagawang paglilinis. Itinatakdang matapos na ang buong kaparaanan ng paglilinis bago ipabatid ang naging resulta nito sa mga di nasangkot sa impiltrasyon. Gayunman, sa praktika di naiwasang makahalata o maapektuhan ang ilan kaya nagtatanong sila at kapag di malinaw na nasagot ay lumilikha ng pagdududahan mismo sa ating hanay. Sa ganitong kalagayan, mas nakakabubuting sa kaparaanan pa lamang ng paglilinis ay agad nang ipabatid sa mga nasuring malinis ang rekord ang mga pinakahuling resulta nang isinasagawang paglilinis, lalong lalo na kung ang sinusuri o pinarusahan ay kilala nila o nakasa-kasama nila sa pagkilos. Mas pinahalalagan natin sa puntong ito ang positibong dulot ng ganitong paraan, tulad ng makakatulong pa ang mga dagdag na makakaalam sa pagpapalalim ng pagsusuri sa mga ipinaialalim sa BI o SC. Gayunman, dapat na mahigpit na isaalang-alang ang negatibong aspeto nito tulad ng di kinakailangang pagpalaganap ng isinasagawang paglilinis na maaring makaabot sa kaalaman ng kumpirmadong impiltrador, at makalikha pa sila ng mga pinsala o makatakas kaya bago pa man natin siya madakip o maparusahan.

Pag-aresto

Walang aarestuhin na di kolektibong pinagdedesisyunan ng NT at RKT o KIA. Ang pangunahing layunin ng pag-aresto ay hindi na upang suriin kung impiltrador o hindi kundi upang makunan na lamang ng impormasyon dahil tiyak na tayo. Kaya nga't ang mga inaaresto ay yaong mga dinisyunan nang gawaran ng rebolusyonaryong pasya kung tumuga man o hindi. Ganoon pa man, bukas ang

Partido na baguhin ang desisyon kung mapapasubalian ang mga datos na pangunahing pinagkabatayan ng paggawad ng kaparusahan.

Sa aktwal na pag-aresto dapat isaalang-alang ang mga sumusunod:

1. Sa pagkuha sa implitador mula sa lugar na kanyang kinikilusan patungo sa pook-bimbina para interogahin bago parusahan, mahalagang gumamit ng kapaniwalang dahilan tulad ng "kakausapin ng nakakataas ng organo para sa panibagong disposisyon kaugnay ng reorganisasyon." Ang dapat sumundo sa kanya ay ang kadreng talagang nangangasiwa sa kanyal. Iwasang GYG ang sumundo, dahil sa karanasan ay naaalarma ang aarestuhin at agad nagtatangkang tumakas. Kaya ang nangyayari ay di na naiinteroga dahil napipilitan nang barilin. Mas mahusay na ipaiwan na sa kinabibilangang yunit ang nakaisyung sandata sa kanya sa pamamagitan ng pagsasabing "sa katatalagahang bagong yunit na lang siya muling iisyuhan." Kailangang mapalabas na matagal-tagal na di makaksulat o makakabalik sa dating lugar na kinikilusan sa pamamagitan ng pagpapalaganap na "tuluy-tuloy na sya sa tatalagahang bagong yunit." Ito ay para di maalerto ang iba pang mga kasapakat niya. Siempre marami pang ibang mga panlalansing maaaring mapanlikhang gamitin, basta ang mahalaga'y dis-armado na ang aarestuhin at di makaalerto sa mga iba pa.
2. Bago pa dumating ang impitador na aarestuhin sa pook-bimbina, dapat tukoy na ang lugar kung saan siya padadapain at gagapusin. Gayundin, nakaayos na dapat ang posisyon ng mga kasama upang walang matakbuhan ang impitador sakaling magtangka siyang tumakbo. Dapat ay handa na rin ang tali at tata-li. Kung tutuusi'y maliliit na usapin na lamang ito pero minamahalaga pa ring banggitin dahil may mga karanasang di mahusay ang tali o pagkakatali kaya naka-

takas ang ilang bihag.

3. Tiyaking wala na sa impiltrador ang kanyang sandata bago aktwal na padapain at gapusin pagdating sa pook-binbinan. Iniiwasan nating makapanlaban pa siya. Karaniwang karanasan bago padapain ay hinihiram muna ng isang kasama ang baril upang kunwari'y tingnan o gamitin sa "pagtae" habang ang kapalit na baril ay nasa lugar na di niya kayang makuha agad.

Pagbimbin

Sa kalagayang ang pangunahing layunin ng pagaresto ay mainteroga muna ang impiltrador bago parusahan, naging mahalagang usapin ang pagbimbin sa kanya habang iniinteroga. Pangunahing nilutas sa usaping ito ang suliranin kung paano matitiyak na di makatakas ang isang bihag.

Para matiyak na di makatakas ang isang bihag habang siya'y nakabimbin at iniinteroga, mahusay na ipatupad ang mga sumusunod:

1. Mahigpit na bantayan ang bihag sa loob ng 24 oras. Dapat tandaan walang iniisip at minamatyagan ang bihag kundi kaunting paglingap natin para makatakas siya o di kaya'y makalikha pa ng pinsala.
2. Tiyaking ang tali ay di nakakalag. Dapat itali ang paa at kamay sa paraang di naabot ng kanyang kamay ang paa kahit bumaluktot.
3. Mahigpit na ipatupad ang patakarang, "Huwag pagmalupitan ang mga bihag." Malaking tulong sa pagpapalambot sa mga bihag para tumuga ang mabuting pagtrato sa kanila.
4. Kung kinakailangang magkasabay na bimbini ang 2 o higit pang mga bihag, tiyaking di sila magkakaalaman. Magkakaahap lang sila kung hinihingi ng pangangailangan kaugnay ng interogasyon.

5. Walang dapat makapasok na ibang kasama o masa sa pook-bimbina para maiwasan ang pagkabulgar ng mga gawaing isinasagawa dito. Mas mahusay kung mayroong mga nahahandang alternatibong pook-bimbina para agad malipatan kung mabulgar o malagay sa pangani ang ginagamit na pook.

Interogasyon

Matapos arestuhin ihaharap na sa interogasyon ang bihag. Pangunahing layunin nito na makuha ang mga mahahalagang impormasyon na makakatulong sa lubusang paglansag sa impiltrasyon. Matingkad na usapin dito, kung paano mapatutuga ang iniinteroga.

Itinuro ng karanasan ang mga sumusunod na paraan para mapatuga ang isang impiltrador:

1. Magtalaga ng isang pangkat na mag-iinteroga (GI, grupong interogador). Sila ang mamumuno ng interogasyon mula umpisa hanggang katapusan.
2. Mahalaga ang masusing pag-aaral ng GI sa lahat ng mga datos ukol sa kaso ng bihag bago simulan ang interogasyon. Titiyakin ng ganitong paraan ang koordinado, matiyaga at makabukuhang interogasyon. Koordinado dahil matitiyak ang suportahan ng bawat interogador sa kaparaanan ng interogasyon; matiyaga dahil maitatagda nito ang kahalagahan ng mga dapat makuhang impormasyon kaya mapanlalabanan ang kapusukan at pagkainip sa tuluy-tuloy na maligoy na pag-iinteroga; at makabuluhan dahil matututukan na lamang sa interogasyon ang mahahalagang punto at maiwasan ang pagkalulong sa mga di-kinakailangang detalye. Kaya't dapat ay handa na rin at

pinagkaisahan na ang mga puntong didiinan sa interogasyon at ang papel na gagampanan ng bawat kagawad ng GI, kung sino ang aasang “mabait na ninong” at ang magpapanggap na “kilabot (magpapakita ng pagkainip o lag-ing magmumungkahing banatan na ang bihag kapag ayaw magtuga o nagmamatigas)” sa harap ng bihag. Ang pagtatakda kung sinu-sino ang mga ito ay batay sa pagkakakilala sa mga kagawad ng GI ng iinterogahing bihag. Ang pagksapol ng GI sa buong larawan ng ginagawang interogasyon ay makakatulong ng malaki sa mabilis na pagtatapon ng mga tanong at komentaryo sa mga inilalahad ng iniinteroga.

3. Dapat may nakahandang balangkas ng mga paksang sasaklawin ng interogasyon, tulad ng mga sumusunod:
 - a. rekord ng pagkatao at pampulitika
 - b. petsa at dahilan ng pagpasok bilang ahente, misyon, rekruter, paraan ng pagkilos o pagtupad ng misyon, sweldo at rango sa AFP.
 - c. network na ginamit at mga impomasyong ipinaabot sa kaaway.
 - d. mga alam na plano ng kaaway laban sa kilusan
 - e. mga narekluta at nirerekluta
 - f. mga kilalang impiltrador at at impormer sa baryo
 - i. pangalan at rekord ng pagktao at pampulitika
 - ii. petsa at dahilan ng pagpasok bilang ahente, rekruter
 - iii. misyon at paano ipinatupad ito, sweldo at ranggo
 - iv. mga pangyayaring kinasasangkutan

- v. mga narekluta at nirerekluta
 - vi. mga impormasyong ipinaabot sa kaaway.
4. Pinakamahalaga ang tiyaga at kahusayan sa psywar ng interogador. Karaniwang hindi agad tumutuga ang bihag. Ang mga sumusunod na paraan ang napatunayang epektibo para mapatuga ang isang iniinteroga:
- a. Kumbinsihing “palalayain” sabihin lang ang lahat ng kanyang nalalaman. Idini-diin na di na ang pag-amin niya ang ating kailangan dahil tiyak na tayong impilitrador siya. Kundi ang pagtatapat na lamang ng lahat ng alam niya (na sa katunayan ang ilan ay alam na rin natin).
 - b. Pagtukoy ng ilang utak na bistado na niyang naaresto at sinasabi nating itinuga na siya nito at sa katunaya’y nakikipagtulungan na sa atin ang nasabing tumugang utak nila kaya binuhay at kasalukuyang binibigyan ng reedukasyon.
 - c. Pagtapon ng mga matitibay na datos na sapat para masukol siya at mapilitang magtapat. Maaaring ibato rin sa kanya ang kumpirmado nating mga datos na tiyak nating alam niya. Masusubok natin kung nagsasabi siya ng katotohanan lalo na’t nagsimula siyang tumuga ng maraming impormasyon.
 - d. Pagharap sa nagtuga sa kanya para kumbinsihin siya mismo nito na magtuga na rin. Sa praktika ay malaki ang naitulong nito para madaling mapatuga ang bihag dahil nasusukol agad siya at nagsisilbing halimbawa pa sa kanya na binubuhay ang mga nagtutuga at nakiki-

- pagtulungan.
- e. Paglalahad ng mga magagandang pangako kapag pinalaya na natin siya matapos magtuga. Halimbawa nito ang reedukasyon, paglalayo ng tirahan, susulatan ang pamilya para sumunod sa kinalalagyan niya, bibigyan ng pamasahe, paglalantad sa kaaway na nakipagtulungan siya para di na siya gambalain pa uli ng kaaway at muling gamitin.
 - f. Pagdala sa hukay, bilang pagdidiin sa kanyang talagang babanatan natin siya kapag di pa tumuga. Habang nasa hukay kinukumbinsi pa ring tumuga na. Kapag nangakong tutuga na ay ibinabalik uli sa lugar ng interogasyon para kunin ang mga itutuga niyang impormasyon. Kapag di pa nagtapat di na paaalisin sa hukay at diretso nang banatan.
5. Rebolusyonaryong panlalansi ang pinakapektibong paraan ng pagpapatuga. Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng pambubugbog at anumang porma ng pananakit bilang paraan para mapilitang tumuga ang bihag. Sa karanasan, lalong tumitigas ang isang bihag kapag sinaktan dahil sumasaksak sa isip niya na papatayin rin naman siya kahit tumuga at tayo mismo ang nagdududa sa katotohanan ng kanyang mga itinutuga. May karanasang ginamitan ng pambubugbog ang ilang bihag para tumuga, nagtuga naman, pero sa kalaunan napatunayan nating gawa-gawa lang niya ang mga itinuga niya at di totoo.
 6. Sa kaparaanan ng interogasyon, iwasan ang pagsawsaw ng iba liban sa GI sa pag-iinteroga. Kalimitan ay nakakasira sa mahusay na takbo ng interogasyon ang pagsawsaw ng iba dahil

- di naman nila alam ang buong larawan ng kaso at pag paghahandang ginawa para sa interogasyon.
7. Karaniwang nagpapalipas ng gabi bilang alawans sa bihag na makapagisip-isip matapos ang isang buong araw na tuluy-tuloy na interogasyon. Karaniwang kinabukasan ay napapagtuga na ang bihag. Gayunman, may bihag na pinatagal nang halos 5 linggo at paulit-ulit na isinailalim sa interogasyon at ginamit na pagpapatuga ng mga kasabwat niya.
 8. Sa mga madaling makumbinsing magtugatingnan ang posibilidad na magamit siya para mapaahon ang militar para mabanatan natin makumpiskahan ng armas.
 9. Kailangang pormal na nakasulat at kung kakanayan ay nakateyp-record ang buong proseso ng interogasyon. Mahalaga ito para sa masinop na pagsusuri ng lahat ng mga impormasyong itinuga kaugnay ng pagtukoy ng padron ng impiltrasyon at iba pang kaugnay na usapin. Maagap na ipaabot sa mga apektadong yunit at organo na nasuring nanganganib ang seguridad batay sa mga impormasyong tinuga ng iniinteroga.

Aktwal na Pagparusa

Matapos mapiga ang lahat ng mga mahahalagang impormasyon at di naman nakikitang maari siyang gamitin para magpaahon ng kaaway na pwedeng mabanatan ay pina-parusahan na ng kamatayan ang impiltrador. Mahalagang maisaalang-alang ang mga sumusunod sa aktwal na pagparusa:

- a. Kailangang maging lihim na lihim ang gagawing pagpaparusa at paglibing. Malinaw na di dapat ilan-

- tad ang bangkay ng pinarusahang impiltrador.
- b. Tinitiyak na ayos na ang hukay bago pa man banatan ang impiltrador. Ito ay para makatiyak na maayos ang gagawing paglilibing. May karanasang kinatatamaran na ang gawaing ito.
 - c. Mahigpit na ipinagbabawal ang sadistang paraan ng pagpatay. Hindi dahil ang pagiging impiltrador ng papatayin para pakawalan ng ilan ang mga mabuting gawi.

Nagkaroon din ng ilang kalabisan sa pagpaparusa ng mga impiltrador. May isang kaso na naparusahan ng walang sapat na batayan. Ang tanging pinagbatayan ay itinuga siya ng isang gustong humingi ng damay na impiltrador. May kaso nang sumuko at malayang naglahad ng kanyang nalalaman sa pakana ng mga kaaway. Maaaring pinatawad na lang ito at nyinutralisa. May kaso ring binanatan agad ang isang rekomendado ng IT na banatan na di pa nakukumpirma ang ilan pang mga datos na dapat kumpirmahin bago banatan.

Kaugnay nito, naging matingkad na usapin kung bibigyan ng aksyong disiplina ang mga kasamang nagrekomenda at nagdesisyon sa mga kalabisang ito. Nakitang kaso por kaso pa rin ang pagtingin dito. Kung ang naging batayan ng desisyon ay simpleng pagganti lamang ng mga nagdesisyon sa binanatan dahil sa ilang personal na alitan, tiyak na may kabigatan ito at dapat bigyan ng karampatang aksyong disiplina. Kung usapin lang naman ng suhetibong pagtaya at bumabatay pa rin sa sa mga impormasyong pinanghahawakan mula sa pagsusuri, kailimitan ay mabigat na pinupuna ang mga ganitong tipo ng suhetibismo na naging dahilang ng kalabisan.

Paglansag ng Network ng Impiltrasyon sa mga Baryo

Sa kaparaanan ng paglinis sa hanay ng mga pultaym ay natutukoy na rin ang mga impiltrador at impomer sa baryo. Sa karanasan mas mahusay kung maagapang mabanatan

agad ang mga natutukoy na utak lalung-lalo na yaong mga maaaring makunan ng makabuluhang impormasyon para higit na makumpirma ang lalim ng pagkasangkot ng isang impiltrador na nagpultaym. Naging mahalagang usapin ito sa isang distrito dahil may mga nasuring alyado na kabilang sa mga ringleader o aktibong nanabotahe sa kilusan. Gayunman ang karamihan sa mga pinarusahan at sinikap parusahan ay isinagawa matapos ang malaking bahagi ng paglilinis sa hanay ng mga pultaym.

Sa paglansag ng network ng impiltrasyon sa baryo, pangunahing atupagin ang pagpaparusa sa mga natukoy na utak o susing ahente na aktibong nangangalaga ng network. Kalimitan sila ang mga dugong-utang at aktibong nakikipagtulungan sa kaaway laban sa atin. Sa pagpaparusa sa kanila, dapat gawing lihim (o estilong missing) kapag di lantad na ahente at di pa hiwalay sa masa. Maaaring ilantad ang pagbanat sa mga lantad na ahente at hiwalay na sa masa basta't kakayaning saluhin ang mga kasama't masa sa baryo ang ganting-aksyon ng kaaway.

Ang mga kasangkot sa impiltrasyon na di naman utak at wala pang dugong utang ay nyunyutralisahin na lang matapos komprontahin at matiyak ang garantya na di sila makakapaminsala o muling paggamit sa kaaway. Dapat din silang bigyan ng mahigpit na babala.

Kaugnay nito ang mga pamilya at kamag-anak ng mga pinarusahang impiltrador na kalimitan namang naka-kaalam ng ginagawang impiltrasyon ng kanilang kamag-anak o kapamilya na impiltrador ay kakausapin at ipapabatid sa kanya ang ginawa nating pagparusa at mga batayan kung bakit natin ginawa iyon. Bukod sa malilina sa kanila ang pangyayari ay manyunyutralisa sila para di magamit ng kaaway laban sa atin.

Mga Kamalian at Kahinaan ng Partido ng Nasamantala ng Kaaway

Nabigo natin ang kaaway sa pakana nilang wasakin mula sa loob ng rebolusyonaryong kilusan sa QBZ. Gayunman, mahalagang matukoy natin at mahanguan ng aral ang mga kahinaan at kamalian ng Partido na sinamantala naman ng kaaway upang sila'y makapuslit sa ating hanay.

1. Sa pagtugon sa panawagan ng Partido na magpalawak, pinalarga natin ang mga aktibistang masa sa pagbutas sa mga baryong karatig na ating kinikilusan. Dahil sa kakulangan ng kadre, tumagal ng ilang buwan bago napuntahan ng yunit ng BHB ang mga baryong pinapalawakan ng mga aktibista. Dahil sa kasalatan sa karanasan, kaalaman at paraan ng pagkilos; mabilis at walang pagsasaalang-alang ang kanilang pag-ugnay at pag-oorganisa. Madaling nakapuslit ang mga bayarang ahente sa ating mga organisadong masa sa pamamagitan ng pagpapanggap nilang "masigasig na masa na matagal nang nag-aantay sa pagdating ng BHB."

Dapat balansihin ng namumunong organo ang ating pagpapalawak sa konsolidasyon. Wasto lamang na magpakilos tayo ng mga aktibistang masa sa pag-ugnay subali't kailangan nating mahigpit silang gabayan at subaybayan. Kung sapat na ang lawak ng lugar, pwedeng pasukin na ito ng yunit ng hukbong bayan upang sila na ang magpatuloy ng gawaing pampulitika. Sa puntong ito'y laging tandaan ang panawagang, "Buong tapang na magpalawak nang walang pinapapasok kahit isa man lang na di kanais-nais na elemeto."

2. Hindi tayo nakapagsagawa nang tuluy-tuloy na panlipunang pagsisiyasat at pagkilala sa pagkatao ng mga nasa saligang organisasyong masa at sangay ng Partido sa baryo laluna yaong mga ipinasa ng mga aktibistang masa. Nagkasya tayo sa

paimbabaw na kaalaman at napaniwala tayo sa “kasi-gasigan” ng mga bayarang ahente. Sapagkat masa ang siyang kadluan ng ating mga kadre at mandirigma, dapat nating makilala sila bago isanib sa alin-mang organisasyong masang ating pinamumunuan.

Matingkad sa nangyari ang hindi pagkilala ng mga kadre at yunit ng BHB sa masang kanilang kinikilusan. Sa naganap na impiltrasyon, 15 ang nakapagtreyning sa Army bago sila kumilos ng pul-taym. Kailangang maging masikhay sa pagsisiya-sat sa organisasyong masa at sangay ng Partido sa baryo maging kung ito’y sa antas ng konsolidasyon.

Kaugnay pa rin ng pagsisiyasat, naging mababaw ang pag-alam natin sa mga naganap na kubkuban, bulabugan at salvaging at “pagtakas” ng mga kasamang nahuli. Kung nabigyan natin ng mahalagang pansin ang mga ito upang malalim na masi-yasat at mapag-aralan, noon pa sana ay nagkaroon na ng linaw ang mga “misteryo” at maaga nating natuk-lasan ang impiltrasyon.

3. Naging liberal tayo sa pagpapasampa ng mga kadre at pulang mandirigma. Karamihan sa mga impiltra-dor na napasampa ay dumaan sa kaparaanan at ini-rekomenda ng Pangkat Kadre at sangay ng Partido sa baryo. Ang naging kahinaan ng komiteng distri-to sa siyang nagtitibay sa pagpapasampa ay ang hindi malalim na pagsusuri sa pagkatao at rekord pampulitika ng mga pinahihintulang magpultaym.

Bukod sa nakapagtreni, karamihan sa kanila ay kamag-anak ng militar, lumpen at lasenggero sa baryo. Kung nasuri lamang ito nang madalian, hindi sila papasa sa mga pamantayan na itinakda ng KLA sa mga nagnanais magpultaym. Mahalagang mag-diin tayo sa pagpapasampa mula sa batayang masa at may mahusay na rekord at respetado sa baryo.

Ilan din sa mga napasampa ang wala sa pamantayan. Nakapagpultaym sila dahil sa

“mainit sa kaaway.” Gumawa ang militar ng kondisyon upang sila’y uminit sa pamamagitan ng “pagkubkob” sa kanilang bahay, pagpapatampok ng kanilang pangalan bilang kumander ng BHB at “pagtakas” at pang-aagaw baril mula sa kampo militar.

Tandaan natin na ang rebolusyonaryong paninindigan ay iniluwal at higit na pinatatatag ng rebolusyonaryong praktika. Mahalagang dumaan sa wastong kaparaanan at pagsubok ang mga nagnanais magpultaym. Kung mainit na sila sa baryo at wala pa sa pamantayan para magpultaym ay idisposisyon muna sila sa ibang baryo at subukan sa mga SCM doon.

Hindi dapat isama-sama ang mga masang mainit sa buong erya na kinikilusan ng yunit ng hukbo at pangkat ng kadre. Sa ganitong sistema nagsimula ang mga impiltrador. Nalalantad sa kanila ang ating saligang organisayong masa at mga sangay ng Partido sa baryo ng hindi naman kinakailangan.

4. Bukod sa pagpupursigi ng ibang intelligence community na makaimpiltra sa organisasyon sa ibang distrito ng QBZ, lumalaganap ang sunog ng impiltrasyon sa pamamagitan ng paglilipat ng mga kadre at mandirigma sa ibang distrito. Mula sa isang distrito, narating ng mga impiltrador ang tatlo pang distrito.

Hindi tayo naging maingat sa pagtatalaga ng kadre at mandirigma para sa iba’t ibang lugar at larangan ng gawain. Dahil dito, naabot pa ng mga impiltrador ang dalawang GYG at napasok din ang panlarangan at isang pandistritong istap sa komunikasyon. Nakapagpasa pa tayo ng isang impiltrador sa istap ng komite ng Partido sa karatig na rehiyon. Hindi dapat bigyan nang masaklaw at maselang gawain ang mga bagong pultaym at mga di pa subok na kasama.

Pansinin natin ang pagod at sinayang panahon ng mga ganap na yunit gerilya sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba na laging nabubulilyaso dahil sa

pananabotahe ng mga ahente ng kaaway na nasa loob ng yunit gerilya. Nalagay din sa panganib ng kubkob ng kaaway ang ating mga pangunahing yunit gerilya.

Hindi rin maitatatwa na nalagay din sa panganib ang mga namumunong kadre dahil nakasama-sama nila ang impiltrador na naitalaga sa mga istap ng sentro. Kung tutuusin, sila ang pangunahing target ng mga impiltrador.

5. Naging maluwag tayo sa muling pagtanggap ng mga diumano'y nakatakas na mga kasama mula sa kamay ng kaaway. Gayundin sa mga nanggaling sa ibang lugar na nagsasabing dati na silang kumilos o pinakilos ng mga kasama doon. Epektibong nasamantala ng kaaway ang kaluwagang ito para madaling makapasok bilang impiltrador ang mga kusang pinatakas nang bumaligtad na mga dating kasama at ang mga ahenteng nagpanggap na dati silang kumikilos sa pinanggalingang lugar.
6. Sa mga nakatakas mula sa kamay ng kaaway at dapat agad ipailalim sa mahigpit na BI o SC. Magpalalim tayo ukol sa naging sirkumstansya ng kanyang pagkahuli, ginawa sa kanya ng kaaway, rekord sa loon ng bilangguan at kung paano nakatakas. Ganito rin ang dapat gawin sa mga nagsasabing dati na silang kumilos o pinakilos sa pinanggalingang lugar. Maagap na sulatan ang mga kasamang kumikilos sa lugar na sinasabi niya ukol sa katotohanan ng kanyang mga sinasabi. Habang lihim na sinisiyasat sila ay ipagkatiwala muna ang mahigpit na pagsubaybay at pagsubok sa kanila sa ilang piling kasama sa baryo.
7. Ang kawalan ng nakasulat na paglalagom sa mga nakaraang kaso ng impiltrasyon noon 1976 at 1977 ay naging salik upang di sistematikong maipalaganap ang mga aral na nahango mula sa mga ito. Dahil dito't naging inosente ang karamihan sa mga kadre at kasapi sa usapin ng impiltrasyon bilang pakana na ginagamit ng kaaway para wasakin tayo. Ang ka-

inosentehang ito ang isa sa mga naging salik kung bakit maluwag na nakapagmaniobra ang mga nakapasok na impiltrador sa kabila ng kakrduhan ng pananabotahe ng ilan sa kanila. Di naging mapagmatyag ang mga kasapi san kadreng inosente sa usapin ng impiltrasyon at sa katunaya'y naging kam-pante nang may napupunang kakaiba at kahinahinalang ikinikilos ang kanikang kasakasama ay binabalewala na lamang o sinasabing, "magtiwala sa kasama" para di problemahin ang mga nabubong pagdududa.

Mahalagang mabigyan ng komprehensibong kaalaman ang lahat ng kadre at kasapi ng partido't BHB ukol sa impiltrasyon bilang pakanang ginagamit ng kaaway para wasakin tayo mula sa loob. Sa ganito'y higit silang magiging mapagmatyag. Ang paglalagom na ito ay pagtiyak na mapunuan ang nakaraang pagkukulang at matugunan ang pagbibigay ng komprehensibong kaalaman ukol sa impiltrasyon.

M-GLOR
Pebrero
1983

English Translation

The Quezon-Bicol border was the target of multiple massive infiltrations from the last quarter of 1979 until the first quarter of 1982. This was the enemy's most massive, profound, and systematic plot to infiltrate and destroy the Party, the people's army, and the revolutionary mass organization in the history of the revolution in the region.

This was incomparable to what happened in 1976

when an active agent got himself into an armed propaganda team and in the waves of arrests in 1977.

This widespread infiltration happened when our people's war shifted towards the advanced sub-stage of the strategic defensive. The enemy wanted to suppress the rapid advance of the armed struggle of the revolutionary mass movement in the region. In the past, the state could not impede our advance through intense operations and military campaigns. They used different tactics to train to attain their evil aims. It is the delirious ambition of the US-Marcos dictatorship to end the Party, the people's army, and the revolutionary mass movement through fierce military attacks and infiltration among the ranks of the revolution.

We cannot separate this infiltration issue from the extensive and intense counter-insurgency operations the enemy is conducting on the Quezon-Bicol border. This was confirmed by captured spies who moved into the region as part of the Armed Forces of the Philippines' 16th and 45th Infantry Battalion. This is the ongoing tactic of the fierce military operations that are part of the counter-insurgency campaign.

The enemy had set up a vast network of paid infiltrators who wormed into basic Party cells at the barrio (village) level, in two committees at the section level and one committee at the district level. The enemy has also sent paid agents to infiltrate the New People's Army (NPA) from the armed propaganda units to the guerilla platoons and companies at the front and district levels. They also reached the technical staff at the field and admitted another agent to the technical staff of the Party in the neighboring region.

Apart from the assassination of the region's leading Party cadres and NPA commanders, the spies also sabotaged our political work, the purpose of which was to gather intelligence information about Party movements, NPA operations, and activities of the revolutionary masses. These become the bases for subsequent military plans.

The Party discovered this plot of the enemy in late 1981. We immediately launched a cleansing campaign for

the Party and the people's army. We were able to promptly stop the operation of these paid agents of the enemies in the Party and the people's army and punish these felons and confirmed infiltrators.

Despite breaking this network of infiltrators in the region, we must also recognize that a multitude of them have successfully joined our ranks. They have endangered our decade-long effort to establish and move the armed struggle of the revolutionary masses. If the enemy succeeded, it would retake years of work before we could get back to where we started.

Critical lessons must be learned from this event. This document will try to tell the story of what happened, starting with how the enemy planned the infiltration until the plot's demolition. It will show how the enemy took advantage of the Party's weaknesses, limitations and mistakes. It will also lay out the primary lessons we learned from arresting, imprisoning, interrogating, and punishing the ring leaders, or brains, behind this infiltration operation.

The entire Party organization and the people's army must learn from this document. We cannot allow a repeat of what happened just because we did not have any systematic knowledge of how the enemy had used infiltration to destroy us and thus was able to be all over the place, lording it over with flourish and braggadocio for an extended period. Meanwhile, on many occasions, they were able to sabotage operations crudely and openly.


The Process of Building a Network of Infiltrators inside the Organization

We will present here the history of the infiltration program based on a series of events. We culled this from the interrogation of punished enemy agents.

In 1978, the enemy calculated that the New People's Army would be able to expand to the lowlands of Ragay,

Camarines Sur. They prepared for this immediately. In June 1979, the Intelligence Services of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) launched a team campaign covering the entire Quezon-Bicol region. They named the campaign “Crush the Philippine Revolution (“Lipulin ang Rebolusyonyang Pilipino”).⁴ An ISAFP campaign team was assigned in Camarines Sur (Code Name: Operation Libogs) and another in Quezon del Gallego.⁵ The campaign leader was Colonel Nicasio Cordova.

Below is the organizational structure of the campaign:



Around this time, the Party was occupied with reorganizing after the troubles caused by Apolinario and the “fire” that affected the regional center in 1977.⁶ It had launched this rectification movement to correct the mistaken ideas being spread by Apolinario. Confronted also with a very nar-

4 This might have been a play at the *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* (Philippine Society and Revolution), a book penned by Amado Guerrero (*nom de guerre* of CPP founding chair, Jose Maria Sison), which served as the “textbook” of the Party and the movement.

5 Libog is a district in Albay Province, while Del Gallego is a municipality of Camarines Sur province

6 The “fire” here refers to sweeping AFP operations that either led to the arrests or deaths of many in the top leadership.

row area of operations, the Party called for a fast expansion. Everyone, even the mass activists from the barrios (villages), responded to the Party's appeal. The enemy could exploit this "subjective desire" of the Party to expand fast and the limitations of the mass activists and sneak in several paid enemy agents inside the revolutionary movement.

From 1977 to 1980, the enemy recruited people from the barrios and provided them with Army training. The enemy paid them wages and promised they would be made regular soldiers with appropriate ranks if they could accomplish their mission. The training was followed by a briefing, after which they were sent back to their barrios to prepare for the expansion of the NPA. Majority of these recruits were those with criminal records, the village black sheep, former military trainees, and those who had relatives or friends in the reactionary military.

Once the revolutionary movement reached the barrios where the infiltrators were assigned, the latter actively executed their con. The enemy was able to exploit the rapid expansion achieved by mass activists in the neighboring barrios. By the end of 1981, 10 infiltrators became heads of the party branch in their respective barrios, while six had become members of the barrio organizing committees before going full-time. Meanwhile, three infiltrators could sneak in without joining any mass organization. In the middle of the 1980s, three infiltrators were operating full-time as part of the cadre corps (Pangkat ng Kadre). They were able to expand their network in barrios in the area. By the end of 1981, 26 had infiltrated the Party Branch in the locality and among the ranks of cadres.

They would use the recommendations of the Party branch, which then came to be able to operate as full-time members of NPA and Party units. They also used the recommendations from fellow infiltrators who came ahead of them. For them to be able to rise to the ranks, many of them, without providing any evidence, used the excuse that the military was onto them. Their tactic included claiming that

the military had trapped them in their homes, that they were tagged as NPA commanders, or that they desired to be close and take care of senior cadres to cement their commitment to the revolutionary movement as true revolutionaries.

In the first quarter of 1982, two infiltrators had become members of two section committees and one district committee. They also set up several armed propaganda units (sandatahang yunit pampropaganda) and two full-time guerilla units. Some of these infiltrators were able to get themselves assigned at the district level. They also started to set up and spread their networks until they were discovered. Apart from what happened in the northern CS, other military intelligence services like the NISA, Region-2 and local units of the PC-INP infiltrated our ranks.⁷ Before the middle of 1982, the BP district's Party committee discovered two guerrillas who were infiltrators who claimed they were able to "escape" from the hands of the enemy. They were thoroughly briefed by a Captain Rudy Rudolfo of the 232 PC company. A NISA agent from Ragay, a barrio suspected by the military of being a pro-guerrilla community, was transferred and rescued by comrades at the CN and activated again. The 242 PC company made up the "escape" of a former activist, who brought an M-16 rifle to prove his "sincerity" in joining the NPA. The enemy had also managed to deploy infiltrators among workers in the timber industry to monitor the movement of comrades in the area. Even the petty bourgeois in many town centers could not escape the enemy's plot. Col. Jose Reyes Dasal of the NISA and Lt. Eduardo Claro of the ISAFP were some senior officers who could mingle with our allies. They kept watching the expansion of the revolution among the petty bourgeoisie while monitoring the progress of the infiltration campaign.

⁷ NISA stands for the National Intelligence Security Agency, while PC-INP is the Philippine Constabulary-Integrated National Police.

The Infiltrator's Perspective

Infiltration was a necessary step for a wide-ranging military campaign. This major operation was quite expensive for the reactionary armed forces, which is why it was important for the infiltrators' network as a precondition for initiating the military campaign.

All the infiltrators were given a general orientation of their responsibilities and operating methods. Individual missions were mainly based on which positions they ended up with as infiltrators. The following are the features of this general orientation:

1. Create a profile of the leading Party cadres of the region, the front, districts, and sections. Get their real name, biographies, and places of origin.
2. Collect information about the Party members in a barrio, the basic mass organizations, lookouts and couriers in the barrio they were operating, and how the barrio folks sympathized with the revolutionary movement.
3. Determine the human resources, firepower, commands, military techniques and tactics used, and plans of operation of NPA units.
4. Gather intelligence on the water and sea routes of the area;
5. Investigate the status of Party organizing among the students, teachers, and other middle forces in the countryside and the town centers. Find out those who provide for the movement and the kinds of support that they provide.
6. Try to steal primary Party documents, which can be passed on to the military
7. Recruit spies among the barrio full-timers.
